


9

Edukasyon sa Pagpapakatao

Unang Markahan – Modyul 1: Tulong sa Bayan, Isulong



**Edukasyon sa Pagpapakatao– Ikasiyam na Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 1: Tulong sa Bayan, Isulong
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Josephine V. Abedin

Editor: Josephine V. Abedin, Leonil Rechie P. Cahanap, Filma B. Catalan

Tagasuri: Mona Lisa M. Babiera, Charie S. Bato

Tagaguhit:

Tagalapat: Leonil Rechie Cahanap and Gemma B. Malicay

Tagapamahala: Isabelita M. Borres

Eugenio B. Penales

Sonia D. Gonzales

Jeanelyn A. Aleman

Evelyn F. Importante

Rose Marie E. Diocares

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region IX

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: region9@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

Unang Markahan – Modyul 1:

Tulong sa Bayan, Isulong

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May Susi ng Pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan naming na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay dinesenyo at sinulat para sa iyo. Narito ito upang tulungan kang maging bihasa sa Layunin ng Lipunan: Kabutihang Panlahat (**1.1 Natutukoy ang mga elemento ng kabutihang panlahat**). Ang saklaw ng modyul na ito ay nagpapahintulot na gamitin sa iba't-ibang sitwasyon.

Marahil maraming bagay ang papasok sa iyong isipan kung marinig mo ang salitang Kabutihang Panlahat. Ngunit gaano ba kalalim ang iyong nalalaman ukol sa paksang ito?

Sa modyul na ito ay inaasahang masasagot mo ang mahahalagang tanong na: ***Paano makakamit at mapananatili ang kabutihang panlahat? Bakit mahalagang ito ay makamit at mapanatili?*** At inaasahan ang mga sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa upang:

1. Maipamamalas ang pag-unawa sa mga elemento ng Kabutihang Panlahat;
2. Makapagbibigay ng kuro-kuro o opinion hinggil sa iba't-ibang elemento ng Kabutihang Panlahat; at
3. Makagagawa ng isang tula tungkol sa napapanahong isyu.

Handa ka na bang palawakin ang iyong kaalaman? Kung ang sagot mo ay oo, inaasahan sa modyul na ito ang iyong aktibong pagsunod sa bawat gawain upang makamit ang bawat kompetensing ninanais matamo. Nakahanda ka na bang makaalam at makialam sa lipunan?



Subukin

PANUTO: Basahing mabuti ang bawat pangugusap at unawain ang tanong. Piliin ang pinakaangkop na sagot at isulat ang titik nito sa sagutang papel.

1. Ayon kay Dr. Manuel Dy, isang propesor ng Pilisopiya sa Ateneo de Manila University, binubuo ng mga tao ang lipunan at binubuo ng lipunan ang mga tao. Ito ay nangangahulugang _____.
 - a. Ang tao ang gumagawa sa lipunan at kaalinsabay nito ay ang lipunan at hinuhubog ng lipunan ang mga tao.
 - b. Ang tao ang bumubuo sa lipunan dahil mula sa kaniyang pagsilang ay nariyan na ang pamilyang nag-aaruga sa kaniya; binubuo ng lipunan ang tao dahil matatagpuan ang tao sa lahat ng bahagi nito.
 - c. Ang tao ang bumubuo sa lipunan dahil ang kanilang mga kontribusyon ang nagpapalago at nagpapatakbo dito; binubuo ng lipunan ang mga tao dahil ang lipunan ang nagbubuklod sa lahat ng tao.
 - d. Ang tao ang bumubuo sa lipunan dahil pamilya ang nag-aruga sa tao at dahil matatagpuan ang tao sa lahat ng bahagi nito; binubuo ng lipunan ang mga tao dahil sa lipunan makakamit ang kaganapan ng kaniyang pagkatao.

2. Ang buhay ng tao ay panlipunan. Ang pangungusap ay _____.
 - a. tama, dahil sa lipunan lamang siya nakapamumuhay
 - b. tama, dahil lahat ng ating ginagawa at ikinikilos ay nakatuon sa ating kapwa;
 - c. mali, dahil may mga pagkakataong ang tao ang nagnanais na makapag-isa.
 - d. mali, dahil may iba pang aspekto ang tao maliban sa pagiging panlipunan.

3. “Huwag mong itanong kung ano ang magagawa ng bansa para sa iyo, kundi itanong mo kung ano ang magagawa mo para sa iyong bansa.” Ang mga katagang ito ay winika ni:
 - a. Aristotle
 - b. St. Thomas Aquinas
 - c. John F. Kennedy
 - d. Bill Clinton

4. Ang mga sumusunod ay hadlang sa pagkamit ng kabutihang panlahat *maliban* sa:
- paggawa ng tao ayon sa kanyang pansariling hangad
 - pagkakaroon ng pakiramdam na mas malaki ang naiiambag ng sarili kaysa sa nagagawa ng iba
 - pakikinabang sa benepisyong hatid ng kabutihang panlahat subalit pagtangga sa pagbabahagi para sa pagkamit nito
 - pagkakait ng tulong para sa kapwa na nangangailangan
5. Ano ang dahilan kaya nanatiling buo ang isang samahan? Mayroon silang _____.
- kontribusyon
 - gampanin
 - pagmamahalan
 - katalinuhan
6. Alin sa mga sumusunod ang bumubuo at nagpapatupad ng batas para sa lipunan?
- pamahalaan
 - pamilya
 - simbahan
 - paaralan
7. Alin sa mga sumusunod ang hindi kasama sa element ng kabutihang panlahat?
- kapayapaan
 - katiwasayan
 - Paggalang sa indibidwal na tao
 - Tawag ng katarungan
8. Batay sa mga elemento ng kabutihang panlahat sa tanong bilang 7 na nasa itaas, alin sa mga sumusunod ang tumutukoy sa pagrespeto sa kapwa?
- a
 - b
 - c
 - d
9. Batay sa mga elemento ng kabutihang panlahat sa tanong bilang 7 na nasa itaas, alin sa mga sumusunod ang tumutukoy sa pagkamit at pagbibigay ng hustisya sa tao?
- a
 - b
 - c
 - d
10. Batay sa mga elemento ng kabutihang panlahat sa tanong bilang 7 na nasa itaas, alin sa mga sumusunod ang makakamit kung may katahimikan, kapanatagan o kawalan ng kaguluhan sa lahat ng aspekto ng buhay?
- a
 - b
 - c
 - d

Aralin

1

Tulong sa Bayan, Isulong

Ang modyul na ito ay ginawa upang mapahusay ang kaalaman at kakayahan sa Layunin ng Lipunan: Kabutihang Panlahat na naaayon sa pamantayan ng araling Edukasyon sa Pagpapakatao sa ika-9 na baitang.

Simulan ang modyul na ito sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong na nasa tekstong nasa ibaba.

Handa ka na ba?



Balikan

Narinig mo na ba ang kantang pinasikat ng Apo Hiking Society na pinamagatang “Batang-Bata Ka Pa” na may linyang, “marami ka pang kailangang malaman at intindihin sa mundo”? Ibig sabihin na may mga bagay sa iyong paligid na hindi mo maaaring pakialaman dahil bata ka pa.

Napapansin mo ba ang sarili sa kasalukuyan? Nagkakaroon ka ba ng reaksyon sa mga pangyayari sa iyong paligid? Kung oo, ibig sabihin ay mayroon ka nang pakialam sa lipunang kinabibilangan mo. Nakikilala mo na hindi ka lamang nabubuhay para sa iyong sarili; ikaw ay bahagi ng isang malawak na mundong iyong kinabibilangan. Kung hindi naman, huwag kang mag-alala at darating din ang pagkakataong mababago ang iyong pananaw sa buhay. Maaaring naghihintay lamang ito ng tamang pagkakataon. Maaaring makatulong ng malaki sa iyo ang aralin na ito.



Mga Tala para sa Guro

Suriin ang sagot ng mag-aaral. Bigyan agad ng komento ang mag-aaral pagkatapos makompletong masagot at magawa ang mga gawain. Kung ang resulta ng pagsusuri ay mababa pa sa 100%, hikayatin ang mag-aaral na ulitin hanggang maabot ang 100% kahusayan.



Tuklasin

Gawain 1

Naaalala mo pa ba ang napag-aralan sa asignaturang Araling Panlipunan patungkol sa iba't ibang institusyong panlipunan? Sa pagkakataong ito ituon ang pansin sa mga sumusunod:

- Paaralan
- Simbahan
- Pamilya
- Negosyo
- Pamahalaan

PANUTO: Gawin Mo!

1. Sumulat ng maikling paglalarawan ng bawat isang institusyon o sektor ng lipunan na naitala.
2. Pagkatapos, magsagawa ng pagsasaliksik sa mga ito, maaaring sa internet upang matukoy ang mga sumusunod:
3. Ano ang layunin ng bawat sektor?
4. Ano ang kontribusyon nito sa lipunan?
5. Ano ang nakikitang tunguhin ng mga ito sa kasalukuyan?
6. Ano ang kasalukuyang kalagayan nito sa ating bansa?
7. Nakatutulong ba ito sa pagkamit ng mga layunan ng lipunan? Ipaliwanang ang bawat kasagutan.

Matapos maisagawa ang kabuuang proseso, sagutin ang sumusunod na mga tanong:

1. Ano ang maaaring maganap kung hindi matutupad ng mga sektor na ito ang kanilang mga tungkulin sa lipunan?
2. Paano makatitiyak na makatutulong ang lahat ng sektor na ito upang gawing matiwasay ang isang lipunan?
3. Kung magkakaroon ng iisang layunin ang lahat ng sektor na nabanggit, ano kaya ang layunin na ito?
4. Paano makatutulong ang mga sektor na ito ng lipunan sa pagkamit ng kaganapan ng iyong pagkatao?

Gawain 2

Basahin ang kantang ito na pinamagatang “Pananagutan”, pagkatapos sagutin ang mga tanong sa ibaba:

*Walang sinuman ang nabubuhay para sa sarili lamang;
Walang sinuman and namamatay para sa sarili lamang.*

*Tayong lahat ay may pananagutan sa isa't isa;
Tayong lahat ay tinipon ng Diyos na kapiling N'ya.*

*Sa ating pagmamahalan at panglilingkod sa kanino man;
Tayo ay magdadala ng balita na kaligtasan.*

*Tayong lahat ay may pananagutan sa isa't isa;
Tayong lahat ay tinipon ng Diyos na kapiling N'ya.*

*Sabay sabay mag aawitan ang mga bansa;
Tayo tinuring ng panginoon bilang mga anak.*

*Tayong lahat ay may pananagutan sa isa't isa
Tayong lahat ay tinipon ng Diyos na kapiling N'ya.
Tayong lahat ay tinipon ng Diyos na kapiling N'ya.*

Mga Tanong:

1. Batay sa awitin, ano-ano ang pananagutan mo sa iyong kapwa?
2. Tukuyin ang mga naiambag mo sa iyong kapwa lalo na sa panahon ng kagipitan na tayo ay nahaharap sa pandaigdigang epidemiya.



Suriin

Ang ating pagiging kasama-ng-kapwa ay isang pagpapahalaga na nagbibigay ng tunay na kaganapan sa ating pagkatao. Makakamit lamang ito kung makikilahok at makikipamuhay ka sa kapwa.

**“Binubuo ng TAO ang LIPUNAN,
Binubuo ng LIPUNAN ang TAO”**



*Ang kabutihan ng komunidad
ay nararapat bumalik sa lahat
ng indibidwal na kasapi nito.*

KABUTIHANG PANLAHAT

“Kabutihang naaayon sa moralidad ng tao at Likas na Batas Moral”

MGA ELEMENTO NG KABUTIHANG PANLAHAT

(Compendium of the Social Doctrine of the Church)

1. **Ang paggalang sa indibidwal na tao** – Dahil ang kabutihang panlahat ay nagpapahalaga sa kalikasan ng tao, hindi ito lubos na iiral kung hindi kikilalanin at pahahalagahan ang kaniyang dignidad.
2. **Ang tawag ng katarungan o kapakanang panlipunan** – Ang pag-unlad ang kabuuang pokus ng panlipunang tungkuling kailangan maibigay sa mga tao. Karaniwang sinusukat ito halimbawa sa mga pampublikong sistema ng pangangalaga sa kalusugan; epektibong pampublikong pangkaligtasan at seguridad; kapayapaang namamagitan sa bawat bansa sa mundo; makatarungang sistemang legal at pampulitika; malinis na kapaligiran at umuunlad na sistemang pang-ekonomiya.
3. **Ang Kapayapaan** – Ang pagkakaroon ng katahimikan, kapanatagan o kawalan ng kaguluhan sa lahat ng aspekto ng buhay tulad ng isip, kalooban, pamilya, lipunang ginagalawan at iba pa, subalit ang kapayapaan ay resulta ng pagkakaroon ng katahimikan, kapanatagan at kawalan ng kaguluhan. Ang kapayapaan ay indikasyon ng pagkakaroon ng kabutihang panlahat



Pagyamanin

Gawain 3

Ayon kay John F. Kennedy – dating pangulo ng Amerika, “Huwag mong itanong kung ano ang magagawa ng iyong bansa para sa iyo, kundi itanong mo kung ano ang magagawa mo para sa iyong bansa.”

1. Bilang isang mag-aaral, ano ang nagagawa mo para sa bayan lalo na sa panahon ngayong may pandemya?
2. Iguhit ang iyong sagot.
3. Ipaliwanag ang iyong ginuhit upang mas maunawaan ng mga mambabasa.



MGA PAMANTAYAN SA ISAHANG GAWAIN

Nilalaman – 10 puntos

Organisasyon – 10 puntos

Presentasyon – 5 puntos

Kabuuan – 25 puntos




Isaisip

Gawain 3

PANUTO: Kompletuhin ang pangungusap sa pamamagitan ng pagsulat ng angkop na titik upang mabuo ang salita. Gamitim ito sa sariling pangungusap. Isulat sa kwaderno ang iyong sagot.

1. Ang **K _ _ A Y _ _ _ A _** ay kawalan ng kaguluhan sa lahat ng aspekto ng buhay.
2. Upang maging makatarungan ang isang lipunan, kailangang nasisiguro ng namumuno dito na ang karapatan ng bawat **_ N _ _ B _ D _ _ L** ay kinikilala.
3. Ayon kay Dr. Manuel Dy, Jr., binubuo ng lipunan ang tao at binubuo naman ng tao ang **_ I _ U _ _ N**.
4. Sa **D _ G N _ D _ D** nakakabit ang iba't-ibang karapatang kailangang igalang at hayaang gamitin ng tao sa lipunan.




Isagawa

Gawain 4:

Isa sa mga elemento ng Kabutihang Panlahat ay ang paggalang sa indibidwal na tao.

1. Paano mo ipinapakita ang paggalang sa mga sumusunod na indibidwal? Isulat ang iyong kasagutan gamit ang graphic organizer sa susunod na pahina.



2. Sa iyong palagay, ano ang maaaring mangyari sa ating lipunan kung ang bawat indibidwal na ito ay hindi nabigyan ng pagkakataong igalang?



PAMANTAYAN SA PAGGAWA

	10	7	4	1
Nilalaman	Ang mensahe ay mabisang naipakita	Di gaanong naipakita ang mensahe	Medyo magulo ang mensahe	Walang mensaheng naipakita
Kaugnayan	May malaking kaugnayan sa paksa	Di gaanong may kaugnayan sa paksa	Kaunti lang ang kaugnayan sa paksa	Walang kaugnayan sa paksa
Kalinisan	Malinis na malinis ang kabuuan	Malinis ang pagkakabuo	Di gaanong malinis ang pagkakabuo	Marumi ang pagkakabuo
Kabuuan				



Tayahin

PANUTO: Basahing mabuti ang bawat pangugusap at unawain ang tanong. Piliin ang pinakaangkop na sagot at isulat ang titik nito sa sagutang papel.

- Ano ang dahilan kaya nanatiling buo ang isang samahan? Mayroon silang _____.
 a. Kontribusyon
 b. gampanin
 c. pagmamahalan
 d. katalinuhan
- Alin sa mga sumusunod ang bumubuo at nagpapatupad ng batas sa lipunan?
 a. Pamahalaan
 b. Pamilya
 c. Simbahan
 d. Paaralan

3. Alin sa mga sumusunod ang hindi kasama sa elemento ng kabutihang panlahat?
 - a. Kapayapaan
 - b. Katiwasayan
 - c. Paggalang sa indibidwal na tao
 - d. Tawag ng katarungan


4. Batay sa mga elemento ng kabutihang panlahat sa tanong bilang 3 na nasa itaas, alin sa mga sumusunod ang tumutukoy sa pagrespeto sa kapwa?
 - a. a
 - b. b
 - c. c
 - d. d

5. Batay sa mga elemento ng kabutihang panlahat sa tanong bilang 3 na nasa itaas, alin sa mga sumusunod ang tumutukoy sa pagkamit at pagbibigay ng hustisya sa tao?
 - a. a
 - b. b
 - c. c
 - d. d

6. Batay sa mga elemento ng kabutihang panlahat sa tanong bilang 3 na nasa itaas, alin sa mga sumusunod ang makakamit kung may katahimikan, kapanatagan o kawalan ng kaguluhan sa lahat ng aspeto ng buhay?
 - a. a
 - b. b
 - c. c
 - d. d

7. Ayon kay Dr. Manuel Dy, isang propesor ng Pilisopiya sa Ateneo de Manila University, binubuo ng mga tao ang lipunan at binubuo ng lipunan ang mga tao. Ito ay nangangahulugang.
 - a. Ang tao ang gumagawa sa lipunan at kaalinsabay nito ay ang lipunan at hinuhubog ng lipunan ang mga tao.
 - b. Ang tao ang bumubuo sa lipunan dahil mula sa kaniyang pagsilang ay nariyan na ang pamilyang nag-aaruga sa kaniya; binubuo ng lipunan ang tao dahil matatagpuan ang tao sa lahat ng bahagi nito.
 - c. Ang tao ang bumubuo sa lipunan dahil ang kanilang mga kontribusyon ang nagpapalago at nagpapatakbo dito; binubuo ng lipunan ang mga tao dahil ang lipunan ang nagbubuklod sa lahat ng tao.
 - d. Ang tao ang bumubuo sa lipunan dahil pamilya ang nag-aruga sa tao at dahil matatagpuan ang tao sa lahat ng bahagi nito; binubuo ng lipunan ang mga tao dahil sa lipunan makakamit ang kaganapan ng kaniyang pagkatao.

8. Ang buhay ng tao ay panlipunan. Ang pangungusap ay:
- a. tama, dahil sa lipunan lamang siya nakapamumuhay
 - b. ama, dahil lahat ng ating ginagawa at ikinikilos ay nakatuon sa ating kapwa
 - c. mali, dahil may mga pagkakataong ang tao ang nagnanais na makapag-isa
 - d. mali, dahil may iba pang aspekto ang tao maliban sa pagiging panlipunan
9. “Huwag mong itanong kung ano ang magagawa ng bansa para sa iyo, kundi itanong mo kung ano ang magagawa mo para sa iyong bansa.” Ang mga katagang ito ay winika ni:
- a. Aristotle
 - b. St. Thomas Aquinas
 - c. John F. Kennedy
 - d. Bill Clinton
10. Ang mga sumusunod ay hadlang sa pagkamit ng kabutihang panlahat maliban sa:
- a. Paggawa ng tao ayon sa kanyang pansariling hangad
 - b. Pagkakaroon ng pakiramdam na mas malaki ang naiaambag ng sarili kaysa sa nagagawa ng iba
 - c. Pakikinabang sa benepisyong hatid ng kabutihang panlahat subalit pagtanggihan sa pagbabahagi para sa pagkamit nito
 - d. Pagkakait ng tulong para sa kapwa na nangangailangan



Karagdagang Gawain


Ipahayag ang inyong opinyon tungkol sa pagsasara ng higitang network na ABS-CBN sa pamamagitan ng paggawa ng tula o awit tungkol sa isyung ito kung ikaw ba ay tutol o payag sa ginawang hakbang ng taga-*National Telecommunications Commission* (NTC).



PAMANTAYAN SA PAGGAWA

1. Orihinalidad-----30%
2. Kaugnayan sa Paksa-----30%
3. Malikhaing Konsepto-----30%
4. Kalinisan sa Paggawa-----10%

Kabuuang	100%
----------	------



Susi sa Pagwawasto

<p>Tayahin</p> <ol style="list-style-type: none">1. D2. B3. C4. D5. C6. A7. D8. B9. C10.a	<p>Isaisip</p> <ol style="list-style-type: none">1. KAPAYAPAN2. INDIRIDWAL3. LIPUNAN4. DIGNIDAD	<p>Subukin</p> <ol style="list-style-type: none">1. C2. A3. D4. B5. C6. A7. D8. B9. C10.D
---	---	---

Sanggunian

Edukasyon Sa Pagpapakatao 9 Modyul ng Mag-aaral, pp. 13-15

Edukasyon Sa Pagpapakatao 9 Manwal ng Guro

<https://genius.com/Jamie-rivera-pananagutan-lyrics>

<http://3.bp.blogspot.com/-2y5p-uTh1OE/V7HOieO->

[StI/AAAAAAAAAQ4/riamNMWiBWg41dRAcP1eh5hofotvCcR5QCK4B/s1600/download%2B%25281%2529.jp](http://3.bp.blogspot.com/-2y5p-uTh1OE/V7HOieO-StI/AAAAAAAAAQ4/riamNMWiBWg41dRAcP1eh5hofotvCcR5QCK4B/s1600/download%2B%25281%2529.jp)

For inquiries or feedback, please write or call:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph